Republic of the Philippines
**PROVINCE OF ISABELA**
-o0o-
**OFFICE OF THE PROVINCIAL TREASURER**

# HINIHIKAYAT ANG MGA NAGMAMAY-ARI NG MGA ARI-ARIANG DI NATITINAG SA LALAWIGAN NG ISABELA NA MAAGANG MAGBAYAD NG BUWIS UPANG MAKAIWAS SA MULTA

Hinihikayat ng tanggapan ng Ingat-Yaman ng Pamahalaang Panlalawigan ng Isabela ang lahat ng mga indibidwal na nagmamay-ari ng mga ari-ariang di natitinag sa lalawigan na magbayad ng maaga o ayon sa itinakdang iskedyul ng kaukulang buwis o amilyar para sa taong 2025 upang makakuha ng diskwento at makaiwas sa multa.

Ang amilyar ay ang buwis na ipinapatong sa mga ari-ariang di natitinag gaya ng lupa, bahay, gusali at mga makinarya kung saan ito ay binubuo ng 1% Basic Tax at 1% Special Education Fund (S.E.F.).

Upang makakuha ng 10% diskwento sa pagbabayad ng kabuoang buwis sa taong 2025, kinakailangan na makapagbayad bago matapos ang Marso 31, 2025, habang 15% diskwento naman ang maaring makuha ng mga indibidwal na magbabayad ng kabuoang buwis para sa taong 2026.

Sa mga nagnanais naman na magbayad quarterly, maaaring magbayad bago o sa mismong araw na sumusunod:

1st Quarter - January 1 to March 31, 2025
2nd Quarter - April 1 to June 30, 2025
3rd Quarter - July 1 to September 30, 2025
4th Quarter - October 1 up to the last working day of December, 2025

Para sa mga magbabayad ng amilyar, kinakailangang dalhin ang nakaraang taong resibo, computation mula sa Treasurer's Office o Tax Clearance ng nakaraang taon.

Mandato ng isang lokal na pamahalaan na mangolekta ng Real Property Tax o buwis para sa mga ari-ariang di natitinag. Obligasyon naman ng mamamayan na magbayad ng buwis sa itinakdang panahon. Sa pamamagitan ng buwis na nakokolekta ay naipapatupad ang iba't-ibang proyekto at serbisyo ng pamahalaan.

Para sa iba pang katanungan o impormasyong nais malaman, tumungo lamang sa tanggapan ng Municipal Treasurer ng inyong bayan.

City of Ilagan, Isabela, December 12, 2024.

**MARIA THERESA ARANETA-FLORES**
**Provincial Treasurer**

*Copy furnished:*

The Honorable Secretary of Finance, Manila
The Executive Director, BLGF, Manila
The Regional Director, BLGF, Region 02, Tuguegarao City
The Honorable Governor, Capitol, City of Ilagan, Isabela
The Honorable Sangguniang Panlalawigan, Capitol, City of Ilagan, Isabela
All City and Municipal Treasurers of Isabela
All Provincial/City and Municipal Treasurers of the Philippines
File